REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-93

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN ANG PUNONG-BAYAN NA MAGBUO NG ISANG TANGING KOMITE UPANG PAG-ARALAN AT IPATUPAD ANG LAHAT NG BAGAY NA MAY KINALAMAN SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 89-87 NA NAGTATALAGA NG BILANG SA MGA BAHAY AT GUSALI NA WALA PANG NUMERO AT PAG-AATAS NG BAGONG BILANG O NUMERO SA MGA BAHAY AT MGA GUSALI NA DATI NG MAY NUMERO SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, upang madaling matunton ang isang tirahan o gusali sa nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa ay kinakailangang may angkop o kaukulang numero ito bukod sa pangalan at barangay na kinatitirikan nito;

SAPAGKAT, ang pagtatalaga ng numero sa mga bahay at gusali ay upang madaling matukoy ang mga may karapatan, tunay at lehitimong mga nagmamay-ari nito;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang tanging komite na bubuuin sa pamamagitan ng karapatan at kapangyarihan na ibinigay sa Punong Bayan ang siyang magsasagawa ng mga kaukulang pag-aaral at pagsasaayos para sa pagpapatupad ng pinagtibay na Kapasiyahan Bilang 89-87 na nagtatalaga ng bilang sa mga bahay at gusali na wala pang numero at pag-aatas ng bagong bilang o numero sa mga bahay at mga gusali na dati ng may numero sa Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na binibigyan ng karapatan at kapangyarihan ang Punong Bayan na magbuo ng isang tanging komite upang pag-aralan at ipatupad ang lahat ng bagay na may kinalaman sa pinagtibay na kapasiyahan bilang 89-87 na nagtatalaga ng bilang sa mga bahay at gusali na wala pang numero at pag-aatas ng bagong bilang o numero sa mga bahay at mga gusali na dati ng may numero sa Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang limampu't isang (51st) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Marso, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan bilang 89-93

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :
RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Marso 13, 1989